DENR

DENR Mimaropa Region <mimaroparegion@denr.gov.ph>

## Liham Para sa Pagsumite ng DTP

1 message

**DILG MIMAROPA LGCDD** <dilgmimaropa.lgcdd@gmail.com> Fri, Aug 20, 2021 at 8:20 AM
To: denr.mimaropa@gmail.com, DENR Mimaropa Region <mimaroparegion@denr.gov.ph>
Cc: dmgordove@denr.gov.ph, dmg_mimaropa@gmail.com

**DIR. MA. LOURDES G. FERRER,** ***CESO III***
Panrehiyong Patnugot
Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman - MIMAROPA

Mahal na **RD Ferrer:**

Pagbati!

Kaugnay ng desisyon ng Korte Suprema sa usaping *Mandanas, et al. v. Executive Secretary, et.al (G.R. Nos. 199802 and 208488)*, nilagdaan ni Pangulong Rodrigo R. Duterte noong ika-1 ng Hunyo, 2021, ang ***Executive Order No. 138: Full Devolution of Certain Functions of the Executive Branch to Local Governments, Creation of a Committee on Full Devolution, and for other Purposes,*** na nag-aatas ng paghahanda ng *Devolution Transition Plans (DTPs)* ng mga pambansang ahensya (NGAs) at ng mga lokal na pamahalan (LGUs) patungo sa *"full devolution"* simula taong 2022.

Nakapaloob din sa Seksyon 12 ng *Implementing Rules and Regulations* (IRR) ng nasabing Atas Ehekutibo na ang mga pambansang ahensya ay inaatasang ibahagi sa mga LGUs ang mahahalagang bahagi ng kanilang DTP.

Bilang pagtugon sa mga nasabing legal na sanggunian at paghahanda sa mga gawaing may kaugnayan sa nabanggit na pagsisikap, kami ay dumudulog sa inyong tanggapan upang humingi ng kopya ng DTP ng inyong tanggapan. Ang nasabing plano ay ibabahagi natin sa mga LGUs sa rehiyon upang maging gabay sa pagbuo ng kanilang DTP.

Ang nabanggit na DTP ng inyong tanggapan ay mangyaring ipadala sa aming sulatronikong dilgmimaropa.lgcdd@gmail.com.

Kung mayroong mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan kay Bb. Cidney Pamela M. Bejasa, *Regional Full Devolution Focal Person* ng LGCDD, sa numerong 0998-536-2547 o sa pamamagitan ng sulatronikong dilgmimaropa.lgcdd@gmail.com.

Inaasahan po namin ang patuloy na suporta at pakikiisa tungo sa katuparan ng ating layunin - ang bigyan ng tunay at makabuluhang awtonomiya ang mga pamahalaang lokal.

Maraming salamat.

---

**DENR - RLA DTP Submission.pdf**
342K